Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN

RESOLUTION NO. 2025-187

Date of Session : Sept. 08, 2025

KAPASIYAHAN NA NAGTITIBAY SA PAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN KAY PUNONG BAYAN IGG. ATTY. JEMINA M. SY, KINATAWAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, NA LUMAGDA SAISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA DEPARTMENT OF HEALTH-CENTRAL LUZON CENTER FRO HEALTH DEVELOPMENT, NBA KINATAWAN NI CORAZON I. FLORES, DIRECTOR IV, KAUGNAY NG PAGKAKALOOB NG HEALTH EMERGENCY ALLOWANCE (HEA) SA MGA HEALTH CARE AT NON-HEALTH CARE WORKERS SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN.

	Receiving Office	Received By: (Print Name & Signature)	Date Received
1	Mayor's Office	Imelda Ibarreta	9/9/25
2	MPDO	Delia Eisma	9-9-25 1:54 p
3	RHU	JOSEPHINE AREGLO	9/9/25
4	Mun. Budget Ofc.	EVELYN C. DE JESUS	9-9-25
5			
6			

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG SETYEMBRE 08, 2025

MGA DUMALO:

Kgg. Ariel P. Amador — Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

MGA KASANGGUNI

Kgg. Maria Luisa I. Silvestre
Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Harvey C. Mediante
Kgg. Mary Del Jasa-Aquino
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz

MGA EX-OFFICIO

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC President)

HINDI NAKADALO:

Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK Presdient)

KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 187

Itinaguyod nina: Konsehal Vanessa Valdez-Seminiano
Konsehal Wilfredo D. Diaz
Pangalawang Punong Bayan Ariel P. Amador

KAPASIYAHAN NA NAGTITIBAY SA PAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN KAY PUNONG BAYAN IGG. ATTY. JEMINA M. SY, KINATAWAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, NA LUMAGDA SA ISANG *MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA)* SA *DEPARTMENT OF HEALTH - CENTRAL LUZON CENTER FOR HEALTH DEVELOPMENT,* NA KINATAWAN NI CORAZON I. FLORES, DIRECTOR IV, KAUGNAY NG PAGKAKALOOB NG *HEALTH EMERGENCY ALLOWANCE (HEA)* SA MGA *HEALTH CARE AT NON-HEALTH CARE WORKERS* SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN.

SAPAGKAT, ang Tanggapan ng Punong Bayan ay nagbigay ng Unang Paglilipat na humihiling sa Sangguniang Bayan na pagtibayin ang Kapasiyahan na nagtitibay sa pagbibigay pahintulot at kapangyarihan kay Igg. Atty. Jemina M. Sy, Kinatawan ng Pamahalaang Bayan ng Marilao, na lumagda sa isang "Memorandum of Agreement (MOA)" sa Department of Health – Central Luzon Center for Health Development, na kinatawan ng Director IV Corazon I. Flores, kaugnay ng pagkakaloob ng Health Emergency Allowance (HEA) sa mga Health Care at Non-Health Care Workers sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan.

SAPAGKAT, ayon sa *Republic Act No. 11712* o higit na kilala sa tawag na *Public Health Emergency Benefits and Allowances for Health Care Workers Act and its Implementing Rules and Regulations (IRR)* ang siyang baseham upang ipagkaloob ang *Health Emergency Allowance (HEA), Sickness and Death Compensation and other Benefits for public and private Health Care Workers (HCWs) and non-HCWs* sa panahon ng *COVID-19 pandemic* at sa iba *pang public health emergencies sa hinaharap na may retroactive application simula July 1, 2021;*

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 187

SAPAGKAT, nakasaad sa *Section 5 ng nasabing batas na* ang itinakdang halaga HEA ay kinakailangang magbase sa pagkakalantad sa panganib na may mga kategorya ng mga sumusunod: *Three Thousand Pesos (₱3,000.00) for low risk, Six Thousand Pesos (₱6,000.00) for medium risk, Nine Thousand Pesos (₱9,000.00) for high risk;*

SAPAGKAT, ang *Department of Health (DOH) Administrative Order No. 2022-0001-A or the Amendment to Administrative* Order No. 2022-001 entitled "COVID-19 Risk Exposure Classification of Healthcare Workers" ay inisyu upang matukoy ang kalantaran sa panganib ng mga tauhan na tumutugon sa kanilang tungkulin na may kinalaman sa COVID-19;

SAPAGKAT, ang DOH ay nag-isyu ng AO No. 2022-0039, noong Setyembre 2, 2022 na may pamagat na *"Supplemental Guidelines on the Grant of Health Emergency Allowance to Eligible Public and Private Health Care and Non-Health Care Workers during the COVID-19 Pandemic pursuant to the Implementing Rules and Regulations of Republic Act No.11712"* upang matugunan ang HEA alinsunod sa RA No. 11712 at sa IRR nito ay kailangang pumasok sa isang MOA na pinagtibay ng isang Resolusyon;

SAPAGKAT, ayon sa probisyon ng *Republic Act No.* 11936, *or the General Appropriations Act (GAA) for Fiscal Year 2023,* ay naglaan ng pondo upang mabayaran ang mga kakulangan sa mga eligible na HCWs at non-HCWs na naaayon rin sa RA 11712;

KUNG KAYA'T sa mungkahi ni Kgg.Vanessa Valdez-Seminiano na pinangalawahan ni Kgg. Juanito H. Santiago, na sinang-ayunan ng lahat ng dumalong Kasangguni.

IPINASIYA GAYA NG DITO'Y GINAGAWANG PAGPAPASIYA na pagtibayin ang Kapasiyahan na pinagtitibay ang Kapasiyan na nagtitibay sa pagbibigay pahintulot at kapangyarihan kay Punong Bayan Igg. Atty. Jemina M. Sy, Kinatawan ng Pamahalaang Bayan ng Marilao, na lumagda sa isang *Memorandum of Agreement (MOA)* sa *Department of Health - Central Luzon Center for Health Development,* na Kinatawan ni Corazon I. Flores, Director IV, kaugnay ng pagkakaloob ng *Health Emergency Allowance (HEA)* sa mga *Health Care at Non-Health Care Workers* sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan.

IPINASIYA PA RIN, na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng tanggapan at pinuno ng opisina na may kinalaman dito.

PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA, ngayong ika-08 ng Setyembre taong 2025.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

[redacted]

EDEN F. SEGUBIENSE
Secretary II
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

[redacted]

ARIEL P. AMADOR
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

9/9/25